
DECEMBER 2019

# AQUANEGOSYO KOMIKS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
BFAR


# PAG-AALAGA NG BANGUS SA KULUNGANG LAMBAT




FishCORAL


MALAPIT NG MATAPOS ANG KONTRATA NI ERNESTO SA SAUDI.
MAHAL, KUMUSTA D'YAN? UUWI NA AKO NEXT MONTH AT HINDI NA AKO BABALIK DITO! DYAN NA AKO SA ATIN!
AT SA NALALAPIT NA NGANG PANAHON NG KANYANG PAG-UWI AY WALA SIYANG PAGSIDLAN NG TUWA HABANG KAUSAP ANG KABIYAK NIYANG SI CARMEN.
MABUTI PA NGA MAHAL! MALALAKI NA NAMAN ANG MGA BATA, AT KAYA NA NATING ITAGUYOD ANG PAMILYA NATIN DITO.
MARAMING TAON KA NA RIN NAMAN NA NAGHAHANAPBUHAY DYAN! MAGNEGOSYO NA LANG TAYO DITO!
OO NGA MAHAL! ANO BA ANG MAGANDANG NEGOSYO NA AKMA SA ATIN?
KUNG AKO ANG TATANUNGIN MO, MAG-ALAGA TAYO NG BANGUS!


MALAPIT LANG KASI ANG BAHAY NATIN SA DAGAT, MAGANDA ANG PRESYO NG BANGUS SA MARKET AT MADALING ALAGAAN.
MUKHANG MAGANDA NGA 'YAN, MAHAL. KAHIT PAPAANO AY MAY PANG-KAPITAL NAMAN TAYONG NAIPON.
OO MAHAL! AT HABANG NANDYAN KA PA SA SAUDI AY AASIKASUHIN KO NA ANG DAPAT AYUSIN DITO.
NABALITAAN KONG MAY PA-SEMINAR ANG FISHCORAL NG BFAR TUNGKOL SA PAG-AALAGA NG BANGUS NA GAGANAPIN SA MUNISIPYO NEXT WEEK! MAGPAPALISTA NA AKO KAY KAPITAN PARA SA MGA DADALO!



NGAYON PA LANG AY EXCITED NA AKO! SIGE MAHAL, TATAWAG NA LANG ULIT AKO BUKAS. MAG-IINGAT KAYO RIYAN.
IKAW DIN MAHAL. INGAT KA LAGI DYAN.


AT DAHIL ANG NAPILING NEGOSYO NG MAG-ASAWANG SI ERNESTO AT CARMEN AY ANG PAG-AALAGA NG BANGUS, ALAMIN NATIN KUNG PAANO ANG MAG-ALAGA NG MGA ITO SA KULUNGANG LAMBAT.
PAG-AALAGA NG BANGUS SA KULUNGANG LAMBAT
ANG BANGUS AY KARANIWANG INAALAGAAN SA PALAISDAAN (TABSING O TABANG) O SA MGA LAWA.
AYON SA KASALUKUYANG PAG-AARAL, ANG BANGUS AY MAAARI NG ALAGAAN SA KARAGATAN SA PAMAMAGITAN NG PAGGAMIT NG KULUNGANG LAMBAT.
ITO AY TINATAWAG NA "CAGE CULTURE OF MILKFISH IN MARINE WATERS."



PAGPILI NG LUGAR NA PAGLALAGYAN
ANG KULUNGANG LAMBAT AY DAPAT ILAGAY SA LUGAR NA TAGO AT WALANG POLUSYON TULAD NG MGA LOOK.
ANG TUBIG AY DAPAT MAY KAALATAN NA MULA 28 HANGGANG 33 PPT AT MAY LALIM NA HINDI BABABA SA LIMANG METRO KAPAG LOW TIDE.
ANG LUGAR AY KAILANGANG NARARATING NG SASAKYAN PARA SA MADALIAN AT MAAYOS NA PAGHAHAKOT O PAGDADALA NG MGA KAGAMITAN.

# PAGGAWA NG KULUNGANG LAMBAT (FLOATING CAGE)

MAAARING GUMAMIT NG KAWAYAN O G.I. PIPES NA MAY SUKAT NA 3X3X3 METERS.





HANGGANG 15X20X6 METERS.





KUNG GAGAMIT NG KAWAYAN O G.I. PIPES CAGES MANGANGAILANGAN NG PLASTIC DRUMS UPANG MAPALUTANG ANG CAGE FRAMES.

MANGANGAILANGAN DIN NG POLYETHELINE NETS NA MAY MESH SIZE NA 12 HANGGANG 17 NA ILALAGAY SA CAGE FRAMES.





SIGURADUHIN LAMANG NA ANGKOP ANG SUKAT NG MGA MESH SA LAKI NG ATING IHUHULOG NA FINGERLINGS.

LAGYAN NG PABIGAT SA BAWAT SULOK PARA MABANAT ANG LAMBAT.



# PAGBIBITAW O PAGHUHULOG NG SEMILYA






PALAGIANG LINISIN ANG LAMBAT AT HAYUMAHIN ANG MGA SIRANG BAHAGI NITO UPANG HINDI MAKALABAS ANG MGA ALAGANG ISDA.



ALISIN ANG LAHAT NG MGA BAGAY NA NAKAKASAGABAL SA TULUYANG PAGDALOY NG TUBIG SA LOOB AT LABAS NG KULUNGANG LAMBAT.



# PAG-AANI AT PAGBIBILI



# PUHUNAN AT KITA

ISANG BAMBOO CAGE NA MAY LAMANG 15 LIBONG PIRASONG BANGUS

PAGPAPAGAWA NG ISANG BAMBOO CAGE

80, 000 PESOS

OPERATIONAL COST

461, 000 PESOS

O PAUNANG KAPITAL

541, 000 PESOS



# PUHUNAN AT KITA

PAGKATAPOS NG LIMA HANGGANG ANIM NA BUWAN, MAAARI NG MAKAANI NG ANIM NA TONELADANG BANGUS SA 80% SURVIVAL RATE NA MAY BIGAT NA 400 GRAMS KADA PIRASO.

KUNG MAIBEBENTA ANG BANGUS NG 115 PESOS KADA KILO, MAAARING KUMITA NG GROSS SALES:

**590, 000 PESOS**

KUNG MAKAKAPAG-ALAGA NG DALAWANG BESES ISANG TAON, MAAARING KUMITA NG GROSS SALES NA:

**1, 380, 000 PESOS**



-END-

FISHERIES, COASTAL RESOURCES AND LIVELIHOOD PROJECT
PCA BUILDING ELLIPTICAL ROAD, DILIMAN QUEZON CITY
http://fishcoralproject.bfar.da.gov.ph